Iniinom na Gamot antifungal

Impeksyong fungal

Ang impeksyong fungal ay sanhi ng fungi na karaniwang makikita sa kapaligiran. Ang impeksyon ay kadalasang sa mababaw na balat lamang at madalas apektado ang mga kuko, buhok at balat. Ang mga sintomas ng impeksyong fungal ay depende sa klase ng impeksyon at lokasyon sa katawan. Ang karaniwang klase ng impeksyong fungal at kaugnay na sintomas ay ang mga:

1. Athlete's foot- kadalasang nakaaapekto ng balat sa pagitan ng mga daliri sa paa. Maaaring may mga sintomas na paltos o pagbabalat ng mga tuyo at nabibitak na balat, na nagreresulta sa matinding pangangati sa apektadong lugar.
2. Impeksyong fungal sa kuko- nagiging dahilan ng pagkapal ng mga kuko sa paa at kamay, nag-iiba ng kulay, nababaluktot, nasisira at minsan malutong, na may mga piraso ng kukong nahahati.
3. Ringworm- dahilan upang magkaroon ng korteng singsing na pulang pantal sa balat ng katawan o anit.
4. Vaginal thrush- dahilan upang magkaroon ng pangangati at pamamaga sa puki at kiki.

Ang sumasalakay na impeksyong fungal ay hindi pangkaraniwan, subalit ang mas seryosong uri ng impeksyong fungal ay maaaring maging resulta. Sila ay impeksyon na lumilitaw sa malalim na bahagi sa tissue ng katawan o sa isa sa mga organ, tulad ng utak at baga.

Ang mga taong dumadanas ng diabetes mellitus o iba pang sakit na nauugnay sa paghina ng immune system ay mayroong malaking tyansa sa pagkakaroon ng impeksyong fungal dahil sa mahinang immunity. Bukod dito, ang mga taong may hindi magandang nutrisyon at kalinisan, ay makakaranas ng hadlang sa balat, at tumira sa mga lugar na maalinsangan, at ang mahalumigmig na klima ay ang ilan sa mga lantad na dahilan ng impeksyong fungal.

Lunas

Karamihan sa impeksyong fungal ay maaaring gamutin ng antifungal na gamot na pinapahid. Subalit, kung ang impeksyon ay masyadong malala at seryoso, ang iniinom na antifungal na gamot ay maaaring kailanganin. Gayundin, ang medikal na lunas ay hindi kapalit ng mabuting personal na kalinisan upang makontrol ang sakit at maiwasan ang pagbabalik.

Maraming iba't ibang uri ng gamot na antifungal, na pumupuntirya sa iba't-ibang impeksyong fungal. Ang piniling antifungal na gamot ay depende sa kadahilanan tulad ng uri ng impeksyon at ang medikal o kasaysayan ng gamot ng pasyente. Kaya't napaka importante na kumuha ng medikal na payo bago ang paggamit ng anumang gamot antifungal.

Karaniwang ginagamit at iniinom na gamot antifungal

Ang iniinom na antifungal na gamot ay inirereseta lamang at kailangang gamitin ng may pag-iingat sa ilalim ng payo at rekomendasyon ng doktor. Maaari silang makuha sa porma ng iniinom na dosis tulad ng tabletas, kapsula at suspension.

Ang iniinom na gamot antifungal ay maaaring uriin sa tatlong pangunahing grupo: allylamines, azoles at iba pang antifungal.

Ang Allylamines at azoles ay pumapatay ng fungal cells sa iba't ibang aksyon ng mekanismo, sa pamamagitan ng pag-apekto sa sangkap ng cell wall, dahilan para ang laman ng cells ay tumagas kaya't mamamatay ito. Halimbawa ng allylamines ay terbinafine; at kasama sa halimbawa ng azoles ang fluconazole at itraconazole. Ang iba pang antifungal tulad ng griseofulvin ay kumikilos sa pamamagitan ng pagiwas sa fungal cells sa paglaki at pagdami.

Sa mga mainam na kaso, ang lunas sa antifungal ay dapat piliin pagkatapos na matukoy ang organismong nakakahawa, pero kadalasang kinakailangang magsimula sa paggagamot bago matukoy at mapag-aralan ang pathogens, lalo sa mga pasyenteng immunocompromised kung saan ang impeksyon ay madalas na mabilis lumago.

Karaniwang masamang epekto ng iniinom na antifungal na gamot

Katulad ng ibang mga gamot, ang iniinom na antifungal na gamot ay may masamang

epekto, sa karamihang kaso, ang masamang epekto ay banayad at nagtatagal sa loob ng maiksing panahon lamang, pero may mga bihirang kaso na nagkakaroon ng mas seryosong epekto.

Ang karaniwang masamang epekto tulad ng:

- Pakiramdam na may sakit
- Pagduduwal
- Pananakit ng tiyan
- Pagtatae
- Impatso
- Sakit ng ulo
- Pantal
- Hindi natunawan

Ang iniinom na gamot na antifungal ay maaari ring magdulot ng malalang epekto tulad ng allergic na reaksyon (pamamaga ng mukha, leeg o dila at hirap sa paghinga) at malalang epekto sa balat (tulad ng pagbabalat o pagpapaltos ng balat). Gayundin sa mga bihirang kaso, ang pinsala sa atay (partikular ang itraconazole) ay maaaring lumitaw; at ang griseofulvin ay dapat iwasan sa mga pasyenteng may malalang sakit sa atay.

Pag iingat sa iniinom na gamot na antifungal

Ang iniinom na antifungal na gamot ay dapat iwasan o gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may sakit sa atay o may kasaysayan ng pinsala sa atay sa ibang gamot. Kailangang ipaalam sa inyong doktor ang anumang gamot na iniinom at maging pamilyar sa mga palatandaan ng sakit sa atay at kaagad na humanap ng medikal na atensyon kung ang mga sintomas tulad ng kawalan ng gana sa pagkain, pagduduwal, pagsusuka, pagod, sakit ng tiyan o maitim na kulay ng ihi ay makita.

Ang ibang iniinom na antifungal na gamot ay dapat gamitin ng may pag-iingat sa mga pasyenteng may problema sa puso o bato. Gayundin, karamihan sa kanila ay dapat iwasan sa mga pasyenteng may malalang porphyria, na isang namamanang sakit na maaaring makaapekto sa nervous system o balat o pareho.

Ang pag-inom ng ibang gamot, tulad ng antacid, ay maaaring makasagabal sa pagsipsip ng iniinom na antifungal na gamot. Bukod dito, ang iniinom na antifungal na gamot ay

maaaring makapagpabago sa pagiging epektibo ng gamot; tulad ng oestrogens, hormones na nakikita sa ibang iniinom na gamot pampapigil sa pagbubuntis; at warfarin, na isang anticoagulant.

Pangkalahatang payo sa pag inom ng gamot na antifungal

- Kumpletuhin ang isinasaad na kurso ng paggagamot. Huwag tumigil sa paggagamot ng maaga, kundi ang impeksyon ay maaaring bumalik.
- Ang kinakailangang tagal ng paggagamot ay kilalang mahaba at mangangailangan ng pasensya at dapat sumunod sa tagubilin ng doktor.
- Magsanay sa magandang personal na kalinisan. Palaging linisin ang balat at paa ng mabuti kapag naliligo.
- Panatiliing tuyo ang katawan, tulad ng kumpletong pagtutuyo ng katawan pagkatapos maligo, lalo ang mga pagitan ng daliri sa paa.
- Magsuot ng malinis at tuyong sapatos at medyas na gawa sa bulak.
- Palitan ang medyas araw araw. Labhan ang medyas, damit at twalya ng madalas.
- Iwasan ang pagsusuot ng masikip na pangloob. Ang mga kasuotang gawa sa bulak ay pinakamainam.
- Huwag ipahiram ang mga damit, sapatos, medyas o twalya at iba pang personal na kagamitan tulad ng suklay, panggupit ng kuko, aksesorya sa buhok, sombrero at unan sa ibang tao.
- Palaging maghugas ng kamay pagkatapos mahawakan ang may sakit na balat upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.

Pakikipag usap sa inyong Doktor

- Makipag usap sa inyong doktor para sa pinakamagandang paraan ng paglunas. Ang inyong doktor ay magrereseta ng pinakaangkop na gamot at dosis.
- Ang ibang gamot na antifungal ay maaaring maugnay sa ibang gamot. Ipaalam sa inyong doktor ang mga gamot na inyong iniinom, kasama na ang anumang over-the-counter na gamot, upang makapagdesisyon ang doktor kung anong gamot na antifungal ang ligtas para sa iyong inumin.
- Ipaalam sa inyong doktor ang inyong medikal na kasaysayan, dahil ang ibang sakit ay maaaring mangailangan ng espesyal na pag iingat.
- Ipaalam sa inyong doktor kung ikaw ay buntis o nagpapasuso dahil karamihan ng mga antifungal na gamot na iniinom ay hindi maaaring inumin ng mga babaeng

buntis o nagpapasuso

- Humanap kaagad ng medilal na atensyon kung makakaranas ng anumang sintomas o masamang epekto na pinaghihinalaang may kaugnayan sa antifungal.
- Magkaroon ng regular na medikal na follow up ayon sa payo ng doktor kung kailangan gumamit ng antifungal sa pangmatagalang batayan.
- Humanap ng payong medikal kung ang sintomas ay lumala o mayroong pag-aagam agam tungkol sa gamot na iniinom.

Pag-iimbak ng iniinom na antifungal na gamot

Ang iniinom na antifungal na gamot ay dapat itago sa malamig at tuyong lugar. Maliban kung nasasaad sa label, ang gamot ay hindi dapat ilagay sa refrigerators. Gayundin, ang gamot ay dapat itago ng maayos sa lugar na hindi maaaring maabot ng mga bata upang maiwasan ang aksidenteng pagkakalulon nito.

Pagkilala: Ang Tanggapan ng Droga ay gustong pasalamatan ang Propesyunal na kaunlaran at Tiyak na Kalidad (PD&QA) para sa kanilang mahalagang ambag sa preparasyon ng artikulong ito.

Tanggapan ng Droga
Kagawaran ng Kalusugan
Enero 2021